

To help people find the right disposition so required, the following may be used within the Penitential Rite for the Granting of General Absolution

Examination of Conscience – Guide Questions

1. Do I pray to God every day? Have I thanked God for His gifts to me?
2. Did I put my faith in danger through readings hostile to Catholic teachings or involvement in non- Catholic sects? Did I engage in superstitious practices: palm-reading or fortune telling?
3. Did I take the name of God in vain? Did I curse, or take a false oath?
4. Did I miss Mass on Sundays or Holy Days of Obligation through my own fault? Am I attentive at Mass? Did I keep fast and abstinence on the prescribed days?
5. Did I disobey my parents and lawful superiors in important matters?
6. Did I hate or quarrel with anyone, or desire revenge? Did I refuse to forgive? Was I disrespectful?
7. Did I get drunk? Did I take illicit drugs? Did I consent to, recommend, advise or actively take part in an abortion?
8. Did I willfully look at indecent photographs or watch immoral movies? Did I read immoral books or magazines? Did I engage in impure jokes or conversations? Did I willfully entertain impure thoughts or commit impure acts, alone or with others? Did I use artificial means to prevent conception?
9. Did I steal or damage another's property? Have I been honest in my business relations?
10. Did I tell lies? Did I sin by calumny, or detraction, of others? Did I judge others rashly in serious matters?
11. Have I envied other people?

Pagsusuri ng Budhi—Mga Gabay na Tanong

1. Ako ba ay nagdarasal araw-araw? Nagpapasalamat ba ako sa mga biyayang pinagkaloob Niya sa akin?
2. Inilagay ko ba sa panganib ang aking pananampalataya sa pagbabasa ng mga aklat at iba pang babasahin na nagtataglay ng mga kamalian o kaya ay laban sa

pananampalataya, at mga gawaing katoliko, katulad ng kulto at nakatatakot na pagtitipon sa relihiyon?

3. Binanggit ko ba ang ngalan ng Diyos nang walang paggalang? Ako ba ay nagmura?
4. Ako ba'y maagap at palagiang dumadalo sa Misa tuwing Linggo? Higit ko bang binibigyan pansin ang nagsisipagsimba kaysa ang pakikinig ng taimtim sa Misa? Ako ba ay nag-aayuno at nangingilin sa mga araw na ipinag-uutos ng Simbahan?
5. Ako ba ay hindi naging masunurin sa aking mga magulang o sa mga kinauukulan sa mga importanteng mga bagay?
6. Ako ba ay nakipag-away o nag-isip maghiganti? Ako ba ay hindi nagpatawad? Ako ba ay naging lapastangan?
7. Ako ba'y naglasing ng labis? Gumamit ng mga ipinagbabawal na gamot? Ako ba ay naki-ayon o tuwirang tumulong sa pagkakapon (pagtatali sa babae, at iba pa)? Sumang-ayon ba ako, nagpayo, nagmungkahi o tuwirang tumulong sa pagpapalaglag (aborsiyon) ng bata na nasa sinapupunan pa?
8. Tumingin ba ako sa malalaswang larawan, palabas, pelikula o nagbasa ng mga aklat o iba pang lathalaing pumupukaw ng mahalay na damdamin? Pinaglaruan ko ba sa aking isipan ang mahahalay na bagay at nagpabaya sa malalaswang naisin? Sumali ba ako sa mga usapin o biruan na posibleng nagudyok sa akin at sa mga kasama ko na magkasala laban sa kalinisan? Gumawa ba ako ng kahalayan sa sarili o kasama ng iba? Gumamit ba ako ng pildoras o iba pang paraan na artipisyal upang makaiwas sa pagbubuntis?
9. Ako ba'y nagnakaw? Ako ba'y nakasira ng pag-aari ng bayan? Naging tapat ba ako sa aking trabaho at ginampanan ko ba nang buong husay ito?
10. Ako ba'y nagsinungaling? Nagkalat ba ako ng tsismis na makasisirang.puri sa aking kapwa? Mayroon ba akong pinaratangan, bagamat ito'y walang katotohanan? Hinusgahan ko ba ang iba nang walang pasubali?
11. Nainggit ba ako sa aking kapwa?